

Mga Pahintulot ng Seattle

—bahagi ng isang maraming departamentong serye sa mga serbisyo at pagpapahintulot ng Lungsod

Kaligtasan sa Lithium-Ion na Baterya para sa mga personal na device para sa paggalaw at Iba pang Personal na mga Device

Nobyembre 2022

Ang mga Lithium-ion na baterya ay nagbibigay ng magandang mapagkukuhanan ng malinis na kuryente at ginagamit ang mga ito sa mas maraming device bawat taon. Ang mga Lithium-ion na baterya ay makikita sa mga smart phone, laptop, scooter, elektronikong bisikleta, elektronikong sigarilyo, laruan at elektronikong sasakyan. Sa bihirang mga kaso, pumapalya ang mga baterya, at ang kondisyong ito ay maaaring mabilis na humantong sa sunog. Ang Departamento ng Sunog ng Seattle ay tumutugon sa halos isang sunog bawat linggo na may kaugnayan sa mga bateryang Lithium-ion.

Ang Memorandum para sa Pag-alalay sa Kliyente na ito ay nagbibigay ng mga tip sa kaligtasan para sa pagbili, paggamit at pag-iimbak ng mga Lithium-ion na baterya pati na rin ang impormasyon tungkol sa kung paano ligtas na itapon ang mga ito.

Pagbili at Paggamit ng mga Device

Bumili at gumamit ng mga device na “nailista” ng isang kwalipikadong laboratoryo sa pagsubok. Nangangahulugan ito na ang baterya ay nakapasa sa mahigpit na pagsusuri sa kaligtasan Hanapin ang “UL-Listed” sa baterya.

Gumamit lamang ng baterya na idinisenyo para sa device. Huwag pagpalitin ang mga baterya.

Ilagay ang mga baterya sa tamang paraan at laging sundin ang mga instruksiyon ng tagagawa.

Pag-charge at Pag-iimbak ng mga Device

Gamitin lamang ang para sa pag-charge na cord na kasama ng device. Maaaring ipagpatuloy ng hindi tugmang kable para sa pag-charge ang pag-charge sa baterya hanggang sa punto na sobrang init, na maaaring magdulot ng sunog. Huwag iwanang nakasaksak ang device kapag na-charge na nang buo.

Huwag i-charge ang device sa ilalim ng iyong unan, sa iyong kama, o sa sofa. Ang sunog na nagsisimula kung saan ka natutulog ay maaaring mas malamang na magdulot ng pinsala o kamatayan.

Huwag i-charge ang iyong mga elektronikong baterya sa iyong silid-tulugan o sa harap ng iyong pinto o sa iba pang mga labasan.

Huwag iwan ang mga baterya sa sikat ng araw o sa mga mainit na sasakyan. Panatilihin ang mga baterya sa temperatura ng kwarto.

Ang mga bateryang sira ay mas malamang na pumalya at hindi dapat gamitin.

Mga Senyales ng Problema

Ang mga Lithium-ion na baterya ay nagpapakita ng mga senyales na kailangan na silang palitan kapag umiinit sila, lumalaki, o mas matagal kaysa sa karaniwan na mag-charge. Maaari rin silang magkaroon ng hindi pangkaraniwang amoy o pagbabago ng kulay o gumawa ng mga kakaibang ingay. Itigil ang paggamit ng baterya kung napansin mo ang mga problemang ito at gumawa ng mga hakbang upang ligtas na itapon ito (tingnan ang seksiyon sa ibaba). Huwag itapon ang mga Lithium-ion na baterya sa basura ng bahay.

Bago pumalya, ang baterya ay gagawa ng pagsabog na ingay at pagkatapos ay pagsirit kung kailan naglalabas ng gas. Kapag napansin mo ang mga senyales na ito, mabilis na lumayo mula sa baterya papunta sa isang ligtas na lokasyon, abisuhan ang ibang nasa paligid mo na umalis, at tawagan agad ang 9-1-1.

Ligtas na Pagresiklo sa mga Luma at Sirang Baterya

Mga Lumang Baterya

Huwag kailanman itapon ang Lithium-ion na baterya sa regular na basurahan.

Ang mga istasyon ng paglilipat ng Seattle Public Utilities (SPU) sa Seattle ay magresiklo ng mga Lithium-ion na baterya kabilang ang AAA/AA/C/D, mga button na baterya, household rechargeable, at mga baterya sa loob ng mga laptop, tablet, phone, o power pack para sa walang cord na mga barena at iba pang mga kagamitan. Maaaring hindi kumuha ang SPU ng mga sirang baterya o mas malalaking baterya gaya ng para sa mga elektronikong bisikleta. <https://atyourseattle.seattle.gov/2021/09/30/dead-batteries-recycle-them-with-spu/>

Ang Call2Recycle ay isang walang kita kung saan ang mga negosyo na nangtitinda ng mga produktong naglalaman ng baterya ay maaaring mag-alok ng walang bayad na mga pagbabalik. May ilang mga opsyon sa Seattle, kasama na ang mga baterya na para sa mga elektronikong bisikleta. <https://www.call2recycle.org/locator/>

Mga Sirang Baterya

Napakakaunti ng mga lugar na tumatanggap ng mga sirang baterya. Makipag-ugnayan sa customerservice@call2recycle.org para maisaayos para sa espesyal na mga opsyon sa paghawak.

www.seattle.gov/fire

Fire Prevention Division
220 3rd Avenue South

Seattle.gov/fire/business-services/email-fire-prevention



City of Seattle
Fire Department